**A PANALANGIN SA KAHIRAPAN:**

- **ELIAS: PANALANGIN SA GITNA NG KRISIS**
  - Paano sinasagot ng Dios ang ating mga dalangin sa gitna ng krisis?
    (1) Matapos ang simpleng dalangin kay Elias, tumugon agad ang Dios ng apoy (1 Hari 18:36-38).
    (2) Matapos ang pitong dalangin para sa ulan, nagpadala ang Dios ng maliit na ulap na naging malakas na bagyo (1 Hari 18:42-45).
    (3) Nang humiling ng kamatayan si Elias, nanatiling tahimik ang Dios, ngunit nagpadala ng anghel upang pakainin sya (1 Hari 19:4-8).
    (4) Lugmok sa kweba, narinig sa wakas ni Elias ang boses ng Dios na sinasagot ang kanyang panalangin (1 Hari 19:9-18).
  - Ang isang sagot ay agaran at mahimala. Ang iba, matapos pa ang pitong panalangin, ipinadala ang hiling na ulan. Sa huli, matapos ang 40 araw, isang salita at nakakasiglang tugon. Alam ng Dios kung paano at kailan sasagot sa bawat sitwasyon natin.
- **HANNA: TUGON NA HINDI DUMARATING**
  - Ang panalangin ni Hanna upang magkaanak ay tila sinagot agad ng Dios (matapos ang siyam na buwang masayang paghihintay, syempre) (1 Sam. 1:9-20).
  - Gayunpaman, kung babasahin natin ang mga unang talata, makikita natin na itong sagot ay napakatagal dumating (1 Sam. 1:1-8).
  - Penina, ang isa pang asawa ni Elkana, ay may "mga anak"—yon ay, higit sa isang anak—at "taon-taon" iniinis nya si Hanna dahil hindi pa sya binibigyan ng Dios ng mga anak.
  - Mula sa pananaw na ito, ilang taong nanalangin si Hanna na walang sagot?
  - Minsan, ang pagtahimik ng Dios ay marahil dahil sa ating pagkamakasarili (San. 4:3); iniingatang kasalanan (Awit 66:18); kulang na pananampalataya (San. 1:6); o, marahil, hindi pa lang tama ang panahon.
  - Sa ano mang dahilan, nakikita ng Dios ang buong larawan at alam ang pinakamabuti para sa atin (Jeremias 29:11). Lagi Syang sasagot, sa Kanyang panahon at paraan, sa panalanging may pananampalataya (1 Juan 5:14-15).

**B MGA HALIMBAWA NG PANALANGIN:**

- **JESUS: ANG LAMAN NG PANALANGIN**
  - Ang paggawa ng mahaba at mabulaklak na panalangin para magpasikat sa mga nakikinig ay hindi estilo na itinuro ni Jesus sa atin (Mt. 6:5-8).
  - Dapat maging sinsiro at simple ang ating mga dalangin, sa karaniwang linguahe. Mahalagang bahagi ang panalangin sa ating buhay.
- **DANIEL: ANG BALANGKAS NG PANALANGIN**
  - Ang naitalang panalangin sa Daniel 9:4-19 ay nagpapakita sa atin ng apat na pangunahing bahagi ng panalangin:
    (1) Papuri (Dan. 9:4)
    (2) Pagkompisal at paghingi ng tawad (Dan. 9:5-15)
    (3) Kahilingan (Dan. 9:16-19)
    (4) Pasasalamat (Fil. 4:6)
  - Inabala ni Gabriel si Daniel bago pa nya matapos ang kanyang panalangin (pagpapasalamat).
  - Ang disenyong ito ay pwede sa ating pangpubliko o pang-pribadong pananalangin. Kitang-kita, ang bahagi ng "pagkompisal at paghingi ng tawad" ay dapat maibagay sa konteksto ng panalangin.
  - Ang balangkas na ito ay tumutulong na maituon ang ating panalangin sa Dios, iniiwas tayo sa pagkakaroon ng parang "listahan ng mga bibilhin" mula sa warehouse ng langit.

**C APAT NA MGA TANONG TUNGKOL SA PANALANGIN**

- **Bakit kailangan nating manalangin kung alam na ng Dios ang lahat?**
  - Itinataas tayo ng panalangin sa trono ng Dios at hinihimok tayong suriin ang sarili at isipin ulit ang ating ugnayan sa Kanya araw-araw. Kahit hindi natin alam ang sasabihin, tutulungan tayo ng Banal na Espiritu (Rom. 8:26).
- **Bakit mananalangin kung maayos naman ang lahat??**
  - Ang mga anghel na hindi nagkasala ay patuloy na sumasamba sa Dios. Gaano pa kaya tayo? Ang pag-iisip na hindi natin kailangan ang Dios dahil mabuti naman ang lahat ay kayabangan.
- **Sino ang dapat kong kasama manalangin?**
  - Depende sa sandali: Sa pag-iisa. (Dito nagiging mas malapit ang ating panalangin); Kasama ng pamilya o ng maliit na grupo; sa iglesia.
- **Paano ako makikinig?**
  - Ang pinakamalinaw at pinakaligtas na paraan ay pagsamahin ang panalangin at pag-aaral ng Biblia bilang bahagi ng ating debosyon, umiwas sa pagbakante sa isip o pakikinig lang sa sarili.